

INTERCEDE  
ONLINE

# Watchful in Prayer

PREPARING FROM HERE TO ETERNITY

**JULY 7 - 10, 2021**

Evening watch starts online at 7:30 PM (MANILA TIME)

---

CCF ONLINE MIDYEAR PRAYER & FASTING

**TAGLISH VERSION**

# MENSAHE GALING SA SENIOR PASTOR

## **Greetings, brothers and sisters in Christ!**

It is once again a great privilege to have the entire church come together, albeit virtually, for our Mid-Year Prayer and Fasting. The theme of this week is in line with our new series about the End Times.

It is my hope and prayer that instead of responding in fear or paranoia, we as those who bear the Living Hope and are to be salt and light to the world, will see this as an opportunity to share more about Jesus and win more people by no other means but the GOSPEL of CHRIST.

For this mid-year P&F, we will focus on verses that can help us prepare for the Lord's Coming. Back in the time of the New Testament, we were already warned that the end is coming soon – and if that was 2000 years ago, aren't we even closer to the finish line today?

The truth is, nobody knows the exact time of Christ's return, but we know for a fact that the signs of the time will include hardships and tribulations. We need to be more vigilant, making firm our faith in

Christ, and pursuing the accomplishment of the great commission to the best of our efforts, for the glory and honor of our God.

I hope this week will be a week of rekindling the fire in you. As the Holy Spirit leads, let us step out of fear and hold on to the great promises given to us, looking forward to Christ's return and making sure we and the people we love dearly are ready.

May God give all of us an encounter with Him in our prayer and devotion time, and may our hearts be ready to hear from Him and obey Him consistently.

God bless our church as we go through this year's Mid-Year Prayer and Fasting!

In Christ,

**Dr. Peter Tan-Chi**

SENIOR PASTOR, CHRIST'S COMMISSION FELLOWSHIP

## **Patnubay sa Panalangin at Pag-aayuno**

Ano ang panalangin?	2
Ano ang pag-aayuno?	2
Bakit tayo dapat mag-ayuno?	3
Ano ang iba't ibang uri ng pag-aayuno?	8
Simula at pagwawakas ng iyong pag-aayuno	10
Pag-iingat	11
Mga Mungkahi sa Panalangin	12
<b>Day One:</b> Mga Bansa	16
<b>Day Two:</b> Taga-sunod ni Hesus	22
<b>Day Three:</b> Pamilya at Iba Pang Relasyon	28
<b>Day Four:</b> Personal na Tagumpay	33
<b>Gabay Sa Hapunan ng Panginoon</b>	38
<b>Mga Ipapanalangin</b>	42

# PATNUBAY SA PANALANGIN AT PAG-AAYUNO

## **Maraming salamats sa pagsama sa Intercede!**

Ang taunang pagdiriwang ng panalangin at pag-aayuno ng CCF ay isinasagawa tuwing simula at sa kalagitnaan ng taon. Ipinapahayag nito ang ating pagtitiwala sa Diyos at pagsasariwa ng kalooban ng Diyos sa ating buhay.

Habang tayo ay nag-aayuno at nagdarasal, nag-aaral, isinasabuhay ang Kaniyang Salita, at nagtitipon ng sama-sama mula Miyerkules hanggang Sabado para sa pagsamba, dalhin natin sa Panginoong Diyos ang ating mga pangangailangan nang may pananampalataya dahil Siya ay hindi nagbabago kahapon, ngayon, at magpakailanman (Hebreo 13: 8).

Upang matulungan tayong maghanda para sa linggo ng panalangin at pag-aayuno, narito ang ilan sa mga praktikal na tip at kasagutan sa mga karaniwang katanungan tungkol sa pag-aayuno.

## **ANO ANG PANALANGIN?**

Ang panalangin ay ang pakikipag-usap sa Diyos—at ang pakikinig sa Kaniya para sa hangarin na maisang-ayon ang ating kalooban sa Kaniya.

Ito ay ang pagharap sa Diyos sa pangalan ni Hesus, batay sa Kaniyang Salita (ang Bibliya), na may gabay ng Kaniyang Banal na Espiritu. Tuwing tayo ay nananalangin, sinasamba natin Siya, dinudulog ang ating mga puso na may pasasalamat sa ating Ama sa Langit, ipinapahayag sa Kaniya ang ating mga pangangailangan at ang mga pangangailangan ng iba, at hinihiling na ang Kaniyang kalooban at kaharian ay maitaguyod sa ating buhay (Mateo 6: 9-13; 1 Juan 5: 14-15; Juan 16: 23-24; Judas 20).

## **ANO ANG PAG-AAYUNO?**

Ang pag-aayuno ay ang hindi pagkain sa loob ng itinakdang oras o panahon upang maipahayag ang ating pagsisisi sa kasalanan at ating paghahangad na mapalapit sa Diyos, habang tayo ay nabibigyan ng mas mahabang oras sa pagbasa ng Kaniyang Salita at sa panalangin.

Ang pagliban sa mga mahahalagang bagay sa ating buhay tulad ng pagkain ay pagkakataon upang maipahayag ang taos-pusong pagtitiwala at pangangailangan natin sa Diyos.

Habang ang mga Kristiyano sa ating panahon ay maaari ring umiwas mula sa iba pang mga bagay tulad ng libangan, palakasan, at social media, ang pag-iwas sa pagkain ay ang karaniwang paraan ng pagpapahayag ng pag-aayuno sa Bibliya.

Ang pag-aayuno ay isang paraan upang ipakita ng ating pagtitiwala sa Diyos at ating kasapatan sa Kaniyang prisensya na hindi mahihigitan ng anumang bagay sa ating pisikal na buhay (Nehemias 1: 4, 9: 1; Ester 4: 3; Daniel 9:3; Joel 2:12; Mateo 6: 16-18 ; Mga Gawa 13: 2; Isaias 58).

## **BAKIT TAYO DAPAT MAG-AYUNO?**

**Inaasahan ng Diyos na tayo ay mag-ayuno.**

*Sa tuwing kayo ay nag-aayuno, huwag maglagay ng madilim na mukha tulad ng ginagawa ng mga mapagkunwari, sapagkat pinababayaan nila ang kanilang hitsura upang mapansin sila ng mga lalaki kapag sila ay nag-aayuno. Katotohanang sinasabi ko sa iyo, buo ang kanilang gantimpala. Ngunit ikaw, kapag nag-ayuno ka, pahiran ang iyong ulo at hugasan ang iyong mukha. - Mateo 6: 16-17*

Sinabi ni Hesus na "sa tuwing nag-aayuno ka", hindi "Kung mag-aayuno ka." Nangangahulugan ito na

ang pag-aayuno, tulad ng panalangin, ay hindi isang mungkahi. Ang pag-aayuno ay bahagi ng buhay Kristiyano.

### **Nag-ayuno si Hesus.**

*At pagkatapos Siya ay nag-ayuno ng apatnapung araw at apatnapung gabi, pagkatapos ay nagutom siya. - Mateo 4: 2*

Bago ang pagmiministeryo ni Hesus, nag-ayuno Siya nang apatnapung araw. Alam Niyang kailangan Niya ng espirituwal na lakas upang matupad ang Kaniyang layunin sa mundo. Sa pag-aayuno ang ating pisikal na pangangatawan man ay nagiging mahina, ang ating espirituwal na buhay ay lumalakas at tayo'y mas nagiging handang tuparin ang gawain ng Diyos.

### **Nag-ayuno ang mga unang mananampalataya.**

*Pagkatapos, nang sila ay mag-ayuno at manalangin at ipinatong ang kanilang mga kamay sa kanila, pinalayo sila. - Gawa 13:3 (tingnan din ang Mga Gawa 14:23)*

Ang Simbahan ay nag-ayuno para kay Saul (Paul) at Bernabe. Nang maglaon, si Paul at Bernabe ay nagtalaga ng mga mamumuno sa iba't ibang mga simbahan, nag-aayuno at nagdarasal bago itinalaga sa Panginoon ang mga pinuno.



## **Ang pag-aayuno ay nagpapakita ng pagpapakumbaba sa harap ng Diyos.**

*Ngunit tungkol sa akin, nang sila ay may sakit, ang aking damit ay sako; Pinaiyak ko ang aking kaluluwa ng pag-aayuno; at ang aking dalangin ay patuloy na bumalik sa aking sinapupunan.*

*- Awit 35:13 (Tingnan din ang 1 Hari 21: 27-29; Esdras 8:21)*

Ang pagpapakumbaba ay nagpapahintulot na maranasan natin ang biyaya ng Diyos. Kapag nagpakumbaba tayo sa panalangin at tumalikod sa ating masasamang pamamaraan, ipinangako ng Diyos na tayo ay Kaniyang pakikinggan at tutugunan Niya tayo ayon sa Kaniyang kalooban.

## **Sa pag-aayuno, tayo ay nagiging sensitibo sa pamumuno ng Banal na Espiritu.**

*Si Jesus, na puno ng Banal na Espiritu, ay bumalik mula sa Jordan at pinangunahan ng Espiritu sa ilang sa loob ng apatnapung araw, na tinutukso ng demonyo. At wala siyang kinakain sa mga panahong iyon, at nang matapos na, nagutom siya. - Lucas 4: 1-2 (Tingnan din ang Mga*

*Gawa 13: 2, Mateo 17:21, Marcos 9:29)*

Madali tayong makalimot sa ating prayoridad. Ang pag-aayuno ay isang paalala na ang Diyos ang nauuna sa ating mga pangangailangan. Idinudulog natin sa Kaniya ang ating mga inaalala dahil Siya

naman ang may kakayahang gumawa ng mga kamangha-manghang gawa na magbibigay sa Kaniya ng kaluwalhatian.

### **Ang pag-aayuno ay nagsasariwa ng ating espirituwal na buhay, pansarili man o Pambansa**

*At ang Aking mga tao na tinawag ng Aking pangalan ay nagpapakumbaba sa kanilang sarili at nananalangin at hinanap ang Aking mukha at tumalikod sa kanilang masamang pamamaraan, kung gayon ay makakarinig ako mula sa langit, patatawarin ang kanilang kasalanan at pagagalingin ang kanilang lupain. - 2 Cronica 7:14*

*Kaya't binigyan ko ang aking pansin sa Panginoong Diyos na hanapin Siya sa pamamagitan ng panalangin at mga pagsusumamo, kasama ang pag-aayuno, sako, at abo. - Daniel 9: 3*

Ang pag-aayuno ay nagbibigay buhay sa bawat isa at sa bayan. Ito rin ay nagdudulot ng kagalingan, pagbabago at paghahanda para sa mga bagay na dakila sa kaharian ng Diyos.

## **Ang pag-aayuno ay mabuti para sa ating kalusugan.**

Ang pag-aayuno ay mabuti sa ating pisikal na kalagayan. Nililinis nito ang ating sistema sa mga toxin sa katawan. Sa pangkalahatan, naglilinis ito ng kaisipan at nagdudulot ng mabuting kalusugan. Maging ang mga kulang sa timbang ay nakitaan ng kabutihan sa pangangatawan dahil sa pag-ayuno at panalangin. Maraming mga guro ng Bibliya ang nagsasabi na ang tatlong-araw na pag-aayuno ay mabuti sa kalinisan ng espiritu at kalayaan sa mga masamang bisyo.

# ANO ANG IBA'T IBANG URI NG PAG-AAYUNO?

Marahil maraming mga paraan upang mag-ayuno dahil may mga paraan upang manalangin, ngunit ang apat na ideya na ito ay isang panimulang punto.

## NORMAL NA PAG-AAYUNO

Sa isang normal na pag-aayuno, ang isang tao ay walang pagkain sa loob ng itinakdang panahon. Ang pag-inom ng tubig ay kailangan. Ang matinding pag-iingat ay nararapat para sa mga mahabang pag-aayuno (higit sa isang linggo), lalo na't kung may mga medikal na kondisyon. Mabuting kumunsulta sa manggagamot kung nagpapalano kang mag-ayuno nang mahabang panahon.

## BAHAGYANG PAG-AAYUNO

Sa bahagyang pag-aayuno, ang isang tao ay kumakain lamang ng ilang mga uri ng pagkain sa loob ng partikular na panahon, o kaya naman ay may isa o dalawang pagkain lamang sa isang araw. Sa Bibliya, sina Daniel at Juan Bautista ay nagpapanatili ng isang diyeta sa kanilang pag-aayuno. Ang mangangaral ng ika-18 Siglo na si John Wesley ay may tinapay at tubig lamang sa maraming araw bilang kaniyang pag-aayuno.

## JUICE FAST

Ito ay isang bahagyang pag-aayuno na sa halip na kumain ay umiinom lamang ng juice.

## OBJECT FAST

Ito ay pag-aayuno mula sa mga bagay na ginagamit o ginagawa, maliban sa pagkain. Ang mga halimbawa nito ay panonood ng telebisyon, paggamit ng social media, o paggamit ng computer sa labas ng trabaho o paaralan. Ang susi ay upang palitan ang oras na ginugol sa aktibidad na iyon sa oras na nakatuon sa Panginoon. Para sa mga mag-asawa, ito ay maaaring mangahulugan ng pag-iwas sa pisikal na pagpapalagayang-loob upang tumutok sa panalangin (1 Mga Taga-Corinto 7: 5).

## **SIMULA AT PAGWAWAKAS NG IYONG PAG-AAYUNO**

Mahalaga ang paghahanda sa pag-aayuno at ang marahan na pagtatapos nito. Sa paghahanda, bawasan hanggan tigilan ang pagkain at pag-inom ng mga may caffeine (kape, tsaa, softdrinks) bago mag-ayuno. Mas mahalaga, manalangin nang maaga upang mapanatili kang malakas sa pisikal, mental, at espirituwal sa iyong pag-aayuno para sa Diyos. Sa pagtatapos ng pag-ayuno, huwag agad bumalik sa iyong normal na pagkain. Mabuting simulan muna sa malambot na pagkain at sa katamtamang dami hanggang sa bumalik ang normal na pagtunaw ng pagkain.

## PAG-IINGAT

Habang may mga pakinabang sa pag-aayuno, ang ilan ay hindi dapat mag-ayuno nang walang pagkokonsultang medikal. Halimbawa:

- **Ang mga taong masyadong payat**
- **Ang mga taong madaling kapitan ng mga karamdaman sa pagkain**
- **Ang mga nagdurusa sa kahinaan o anemia**
- **Ang mga taong nasuri na may ilang mga karamdaman na nangangailangan ng patuloy na nutrisyon**
- **Mga buntis at nagpapasuso ng sanggol**
- **Ang mga taong umiinom ng iniresetang gamot**

Kumunsulta sa iyong doktor bago mo simulan ang iyong pag-aayuno. May mga doktor na maaring hindi sanay sa bagay ng pag-aayuno, kaya't maaari kayong pigilan sa bagay na ito. Sa ganoong pagkakataon, iminumungkahi na kayo ay kumunsulta sa mga mananampalatayang doktor na mauunawaan ang inyong gagawin.

# MGA MUNGKAHI SA PANALANGIN

Sa pag-aaral natin ng Salita ng Diyos sa mga susunod na araw, nawa'y matututunan nating manalangin sa pamamagitan ng Banal na Kasulatan.





## **A**doration (Pagsamba)

Sinasamba natin ang Diyos kung sino Siya at kung ano Siya. Nakatuon tayo sa kadakilaan at kabutihan ng Diyos at kilalanin Siya sa ating buhay. Ipinapahayag natin na ang Kaniyang kaluwalhatian at kasiyahan ay mas mahalaga kaysa sa ating mga alalahanin at pangangailangan.

## **C**onfession (Pag-amin)

Ito ay pag-amin at pagkilala sa ating mga kasalanan sa harap ng Diyos. Ang kasalanan ay hindi mabuti sa atin kaya't ayaw ng mapagmahal at banal na Diyos na manatili tayo sa kasalanan. Kaya naman hindi rin natin pinagwawalang bahala ang kasalanan. Sa ating pag-aayuno at panalangin, hinihingi natin sa Diyos ang biyaya na patuloy na tumalikod sa kasalanan.

## **T**hanksgiving (Pasasalamat)

Nagpapasalamat kami sa Diyos sa Kaniyang mga pagpapala at pagkakaloob ng lahat ng ating pangangailangan. Pinapahayag din natin ang pasasalamat sa sagot na ipagkakaloob Niya sa ating panalangin. Pinapanalangin din natin na manatili tayo sa puso ng pasasalamat.

## **S**upplication (Paghingi)

Nagpapakumbaba tayo sa harapan ng Diyos para sa ating mga pangangailangan at gayon din sa pangangailangan ng iba. Ipinapahayag natin na tayo ay umaasa sa Diyos na ating kalakasan, manggagamot, tagapagkaloob, tagapagligtas, tagapag-aliw, ating gabay, at kaibigan.


# JOURNAL NATIN

## ANG 4 NA ARAW NA PRAYER AND FASTING:

- A. Hinihikayat namin kayong isulat ninyo ang inyong mga repleksiyon sa inyong personal na journal o talaarawan o kaya'y sa inyong cellphone, tablet o laptop sa pamamagitan ng inyong built-in notes app.
- B. Ang isang alternatibo, pwede ninyong punan ang P&F Booklet sa paraang digital duon sa notes section na inilaan matapos ng bawat daily devotion sa pamamagitan ng :



Open ninyo ang Prayer & Fasting Booklet sa Adobe Acrobat o Adobe Reader.



Click mo ang Fill & Sign sa kanang panel

Piliin ang opsyon na Fill & Sign at gamitin itong particular na gamit na makikita sa toolbar at dito ka mag-type ng iyong mga reflections sa mga nakalaang blankong space.

The image features a teal background with a crumpled paper texture. A large, semi-transparent circular highlight is centered on the page, creating a subtle vignette effect. The word "DEVOTIONS" is written in white, uppercase, sans-serif font across the center of the page.

**DEVOTIONS**

# MGA BANSA

DAY 1 | MIYERKULES | HULYO 7, 2021

## BASAHIIN:

<sup>12</sup> “Lalaganap ang kasamaan, at dahil dito, manlalamig ang pag-ibig ng maraming mananampalataya. <sup>13</sup> Ngunit ang mananatiling tapat hanggang sa wakas ay maliligtas. <sup>14</sup> Ipangangaral sa buong mundo ang Magandang Balita tungkol sa paghahari ng Dios upang malaman ito ng lahat ng tao, at saka darating ang katapusan.”

**Mateo 24:12-14**

## ISIPIN:

### Mateo 24:1-14

1. Anong sinabi ni Hesus tungkol sa mga darating na panahon? Sabihing lahat ang Kanyang sinabi (vv1-11)
2. Ano ang larawan ng mundo kapag laganap ang kasamaan? Ano ang larawan ng buhay kapag manlalamig ang pag-ibig? (v12)

3. Paanong ang isang tao ay makapagtitiis sa gitna ng mga pagdurusa? (v13)
  
4. Ano ang pangunahing misyon ng mga disipulo bago dumating ang katapusan? (v14)
  
5. Anong nararamdaman ng Dios sa Kanyang puso para sa mga bansa? Basahin ang Pahayag 22:1-3.

Pinaalalahanan ni Hesus ang mga disipulo tungkol sa pagtupad sa Dakilang Gawain sa mga huling araw. Sa kabilang mga kahirapang daranasin, may nakikitang pag-asa: na ang Mabuting Balita ni Cristo ay aabot sa lahat ng mga bansa. Sa papamamagitan ng taimtim na mga dalangin ang national at global revival ay mangyayari.

## GAWIN:

1. Paano ko tinutupad ang Dakilang Gawain kung saan ako inilagay ng Dios (sa aking pamilya, komunidad, trabaho, bansa)?
2. Paano ko magagawa ang mga taimtim na pananalangin para sa aking bansa at ibang bahagi ng mundo? Hingin sa Banal na Espiritu na bigyan ka ng lakas para dito.
3. Sa pamamagitan ng pananampalataya, gagawin ko...  
Isagawa ang ipinangakong gagawin sa paraang **Simple**, **Measureble** (Masusukat), **Appropriate**(Angkop), **Realistic** (Risonable), **Time-bound** (Takdang Panahon) - **SMART**.  
**Halimbawa:** Bilang isang mamamayan ng bansang ito, mananalangin ako tuwing gabi ng Linggo para sa pambansang eleksiyon sa susunod na taon.

## **IPANALANGIN:**

- Ipanalangin ang ating bansa (ang Pilipinas at tinitirhan mong bansa), kasama ang mga lider at mamamayan—na tayong lahat ay lalapit sa Panginoon at maranasan ang kapangyarihan ng Mabuting Balita sa pagbabago ng ating bayan.

Ipanalangin ang mga lider na sila’y manglilingkod na may takot sa Panginoon, integridad, karunungan, katapatan, proteksiyon, at patnubay:

- The President (or Prime Minister), Vice President, Cabinet Members and advisers
- The Senators and Congressmen
- The Chief Justice and all justices
- The Military and Police force
- The Local Government (governors, mayors, barangay officials, etc.)

**Panalangin para sa mga pangunahing isyu ng bansa:**

- Mapagaan ang ginagawang paglaban sa COVID-19, mapamahalaan ang krisis, at mapalago ang ekonomiya.
- Nakawan at katiwalian, droga, sapilitang paggawa, pangangalakal ng tao, atbp.

- Di-makadiyos na pamumuhay, imoralidad, materyalismo, pagsamba sa diyus-diyosan, atbp.
- Mga sagabal sa ekonomiya, problema sa trapik, mga batas na laban sa salita at kalooban ng Dios.
- Ang mga kababayan ay maligtas at magkaroon ng tunay na takot sa Dios.
- Ipanalangin ang mga bansa—na ang Mabuting Balita ay aabot sa lahat ng tao. Ipanalanging ang lahat ay magtiwala sa Panginoon para makabangon sa gitna ng pandemya, para mapagtagumpayan ang masamang epekto nito sa ekonomiya ng mundo, at magkaroon ng gamut para gumaling at maprotektahan ang lahat.



# JOURNAL:

# TAGA-SUNOD NI HESUS

DAY 2 | HUWEBES | HULYO 8, 2021

## BASAHIIN:

<sup>13</sup> Mga kapatid, gusto naming malaman n'yo ang katotohanan tungkol sa mga namatay na, para hindi kayo magdalamhati gaya ng iba na walang pag-asa.

<sup>14</sup> Naniniwala tayong si Jesus ay namatay at muling nabuhay. Kaya naman, naniniwala tayong bubuhayin din ng Dios ang mga sumasampalataya kay Jesus, at isasama niya kay Jesus.

<sup>15</sup> Sinasabi namin sa inyo ang mismong turo ng Panginoon: Tayong mga buhay pa pagbalik ng Panginoon ay hindi mauuna sa mga namatay na. <sup>16</sup> Sa araw na iyon, ang Panginoon mismo ang bababa mula sa langit kasabay ng malakas na utos. Maririnig ang pagtawag ng punong anghel at ang pagtunog ng trumpeta ng Dios. Ang mga namatay na sumasampalataya kay Cristo ang unang bubuhayin; <sup>17</sup> pagkatapos, ang mga buhay pa sa atin sa araw na iyon ay kasama nilang dadalhin sa mga ulap para salubungin ang Panginoon sa himpapawid. At makakasama na natin ang Panginoon magpakailanman. <sup>18</sup> Kaya nga, mga kapatid, pasiglahin ninyo ang isa't isa sa pamamagitan ng mga aral na ito.

**1 Tesalonica 4:13-18**



3. Paano magpapakita ang Panginoon sa atin? Ilarawan ang pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari. (vv16-17)

4. Bilang mga tagasunod ni Cristo, ano ang inaasahan natin? Basahin ang Pahayag 19:7-9.

Sa paghihintay sa pagbabalik ng Panginoon, tayo ay tinawag para ipanalangin, aliwin, at palakasin ang loob ng isa't isa sa ating dakilang pag-asa. Isang araw, susunduin tayo ni Hesus at makakasama natin Siya magpakailanman. Ngayon, gawin natin ang ating parte na maging handa sa ating pakikipagkita sa Pangnoon sa langit.

## GAWIN:

1. Saan ko ipinagkakatiwala ang aking pag-asa at seguridad? Paano ako mananatiling nakatuon sa inaasahang pagdating ni Cristo?
2. Paano ko ibabahagi ang aking dakilang pag-asa sa pagbabalik ng Panginoon? Maglaan ng oras para hingin sa Dios na ibahagi sa iyo kung sino ang taong nais Niyang abutin mo.
3. Sa pamamagitan ng pananampalataya, bilang paghahanda sa pagbabalik ng Panginoon, ito ang gagawin ko...

Isagawa ang ipinangakong gagawin sa paraang **Simple**, **Measureble** (Masusukat), **Appropriate**(Angkop), **Realistic** (Risonable), **Time-bound** (Takdang Panahon) - **SMART**.

Halimbawa: “Ako ay agad na mananagot sa Dios at sa tao; hindi ko hahayaang di ako makapagtatapat ng aking kasalanan sa buhay o hindi makasunod sa Kanyang mga utos na aking suriin ng aking puso, gagawin ko tuwing Sabado simula sa linggong ito.”

## IPANALANGIN:

- Ipanalangin ang Christ's Commission Fellowship, na patuloy na luwalhatiin ang Panginoon sa pamamagitan ng pagdidisipulo ng lahat ng bansa. Ipanalangin ang mga lider na bigyan Niya ng lakas at karunungan ang kanyang mga lingkod sa kanilang paghahanda sa pagdating ng Panginoon:
  - Ang ating Senior Pastor Peter Tan Chi, ang kanyang asawa Deonna, at buong pamilya
  - Ang ating mga Elders, Pastors, Leaders at kanilang mga pamilya
  - Ang CCF Staff, Workers, Ministry Heads, Volunteers
  - Ang bawat Discippler at mga disipulo na lumago kay Cristo sa kanilang pagtupad sa Dakilang Gawain
  - Ang Dios ay gagamitin ang GoViral para maibahagi ang Mabuting Balita sa maraming tao.
- Ipanalangin ang mga CCF satellites, ministries, and Dgroups sa buong bansa at buong mundo na manataling matatag at tapat na maglingkod sa Panginoon.

**JOURNAL:**

# PAMILYA AT IBA PANG RELASYON

DAY 3 | BIYERNES | HULYO 9, 2021

## BASAHIIN:

<sup>45</sup> “Ang tapat at matalinong alipin ang siyang pinamamahala ng kanyang amo sa mga kapwa niya alipin. Siya ang nagbibigay sa kanila ng pagkain nila sa tamang oras. <sup>46</sup> Mapalad ang aliping iyon kapag nadatnan siya ng amo niya na gumagawa ng kanyang tungkulin. <sup>47</sup> Sinasabi ko sa inyo ang totoo, pamamahalin siya ng kanyang amo sa lahat ng mga ari-arian nito. <sup>48</sup> Ngunit kawawa ang masamang alipin na nag-aakalang matatagalan pa ang pagbabalik ng kanyang amo, <sup>49</sup> kaya habang wala ang kanyang amo ay pagmamalupitan niya ang ibang mga utusan, makikisalo at makikipag-inuman sa mga lasenggo. <sup>50</sup> Darating ang kanyang amo sa araw o oras na hindi niya inaasahan, <sup>51</sup> at parurusahan siya nang matindi. Isasama siya sa mga mapagkunwari, at doon ay iiyak siya at magngangalit ang kanyang ngipin.”

**Mateo 24:45-51**

## ISIPIN:

1. Ano ang sinabi ng amo na gagawin ng alipin? (v45)



2. Ano ang gagawin ng matino at tapat na alipin? Ano ang pinakikita niyang halimbawa at ano ang kanyang gantimpala? (vv 45-47)
  
3. Ano ang ginagawa ng masamang alipin? Ano ang pinakikita niyang halimbawa at ano ang kahihinatnan nito? (vv 48-51)
  
4. Ang “ari-arian” o “pag-aari” ay maaaring ang sarili mong pamilya, mga kamag-anak, mga kakilala. Sinu-sino ang mga taong ipinagkatiwala ng Dios sa iyo?

Tinawag tayo na maging tapat na lingkod sa tahanan. Inilagay tayo ng Dios na pamunuan ang ating mga tahanan, mga kakilala at tinuruan tayong patnubayan sila, pagkat alam natin na gagantimpalaan Niya ang mga naglilingkod sa Kanya. Sa kalaunan, mananagot tayo sa Panginoon sa kung paano tayo naging tapat o hindi tapat sa pagkalinga ng mga taong nasa paligid natin—ang ating mga pamilya, kamag-anak, kaibigan, kakilala—mga taong sakop ng ating impluwensiya.

## GAWIN:

1. Saan ako nagkulang sa aking paglilingkod sa aking tahanan osamgataong sakop ng aking impluwensiya? Maglaan ng oras na manalangin para aminin ito sa Panginoon at hingin ang Kanyang kahabagan.
2. Paano ako makapaglilingkod ng tapat sa mga taong nasa paligid ko? Magkaroon ka ng oras para manalangin at humingi ng karunungan at gabay mula sa Banal na Espiritu.
3. Sa pamamagitan ng pananampalataya, pagbubutihin ko ang aking pakikitungo sa iba, sa mga taong sakop ng aking impluwensiya sa pamamagitan ng...

Isagawa ang ipinangakong gagawin sa paraang **Simple**, **Measureble** (Masusukat), **Appropriate**(Angkop), **Realistic** (Risonable), **Time-bound** (Takdang Panahon) - **SMART**.

Halimbawa: “Sa halip na nakababad ako sa cellphone o TV, gagamitin ko ang aking oras sa pakikipag-usap sa aking asawa, at mga anak sa oras na kainan simula sa linggong ito.”

## IPANALANGIN:

Hingin sa Dios na gamitin ka bilang daluyan ng pag-ibig sa iyong pamilya at mga kamag-anak:

- Maging tulad ni Cristo sa asawa, pamilya, magulang, atbp.
- Mamunuan natin ang ating pamilya at tahanan sa mga paraan ng Panginoon.
- Ipakita ang bunga ng Banal na Espiritu sa aking buhay: pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagtitiis, kabutihan, kagandahang-loob, katapatan, kahinahunan, at pagpipigil sa sarili (Galatians 5:22-23).
- Luwalhatiin at purihin ang Dios sa lahat ng bagay, kahit sa mahirap na relasyon sa ating mga pamilya.
- **Amining binabaliwala natin ang ating pamilya, hindi natin pinapansin ang hidwaan sa pamilya, pati na rin ang ating di-pagpapatawad sa mga taong nakakasakit sa atin, lalo na ang ating pamilya.**
- **Magkaroon ng pagkakataong makapanalangin kasama ang iyong pamilya:**

Pahalagahan ang bawat isa sa kanilang magagandang katangian at mabubuting gawa. Magkaroon ng oras para tanungin sila: “Paano ako magiging mabuti?” at saka ipinalangin sa Panginoon ang bawat isa.

**JOURNAL:**

# PERSONAL NA TAGUMPAY

DAY 4 | SABADO | HULYO 10, 2021

## READ IT:

<sup>34</sup> “Kaya mag-ingat kayo na huwag mawili sa kalayawan, sa paglalasing, sa pagkaabala sa inyong kabuhayan, at baka biglang dumating ang araw na iyon <sup>35</sup> nang hindi ninyo inaasahan. Sapagkat darating ang araw na iyon sa lahat ng tao sa buong mundo. <sup>36</sup> Kaya maging handa kayo sa lahat ng oras. Palagi kayong manalangin upang magkaroon kayo ng lakas na mapagtagumpayan ang lahat ng mangyayaring kahirapan, at makatayo kayo sa harap ko na Anak ng Tao nang hindi napapahiya.”

Lucas 21:34-36

## ISIPIN:

1. Sinabi ni Hesus: “mag-ingat kayo”, “maging handa kayo” (v34, 36). Ano ang larawan ng pagiging maingat o pagiging handa?
2. Ano ang mga personal mong karanasan sa panahong ang puso ay nabibigatan ng mga problema, pag-aalala, at pagkaabala? (v34)

3. Ano ang sinabi ni Hesus na dapat ipanalangin natin? Paano mo pinaghahandaan na makatayo ka sa harap ng Anak ng Tao? (v36)
  
4. Sa panahong kapiling na natin si Cristo, ano ang ating mararanasan sa wakas? Basahin ang Pahayag 21:3-6.

Ang paraan upang mapagtagumpayan natin ang mga kapighatian at mga alalahanin ay ang pagiging mapagbantay at maingat sa ating personal na buhay at maging handa sa pagdating ng Panginoon. Anuman ang mga nakakabigat sa atin ay walang magagawa sa kung paano tayo itataas ng Dios sa Kanyang Kaharian. Paano tayo naghahanda para sa Kanya? Gamitin natin ng mabuti ang oras na ibinigay sa atin ng Dios bago dumating ang katapusan.

## GAWIN:

1. Magkaroon ng ilang sandali na manahimik sa presensiya ng Dios:

*“Pinupuri ko Siya kung sino Siya at ano ang Kanyang ginagawa sa aking buhay. Nagpapasalamat ako sa mga pagpapala at mga paghihirap, na nagtutulak sa akin upang lubos na magtiwala sa Kanya.”*

2. Magkaroon ng oras para suriin ang iyong sarili: “Paano ako nabibigatan ng maraming bagay na kailangang gawin agad at mga nakakabalisang kaisipan?” Ipagkatiwala ang lahat ng ito sa Dios.

3. Paano ako magiging maingat at maging handa habang ako naghihintay sa Panginoon?

Isagawa ang ipinangakong gagawin sa paraang **S**imple, **M**easureble (Masusukat), **A**ppropriate (Angkop), **R**ealistic (Risonable), **T**ime-bound (Takdang Panahon) - **SMART**.

Halimbawa: “Bubuo ako ng isang buhay na nagtitiwala sa Dios sa pamamagitan ng pananalangin at pagbabasa ng Biblia araw-araw simula sa araw na ito.”

## **IPANALANGIN:**

- Unahin ang manatili sa presensiya ng Panginoon sa mahaba at di-nagmamadaling oras ng pananalangin sa araw na ito, itaas sa Kanya ang mga personal na hangarin:
  - Paglago sa pananampalataya at malalim na relasyon sa Dios
  - Pagiging tapat sa mga espiritwal na gawain
  - Pagkakaroon ng karunungan sa personal na buhay, trabaho at negosyo
  - Mabigyan ng lakas upang magpagtagumpayan ang kasalanan.
- Ipanalangin ang mga taong nangangailangan ng espiritwal na bagong buhay kay Cristo (banggitin ang pangalan ng bawat isa).
- Hingin sa Panginoon na bigyan ka ng karunungan at gabay para sa iyong buhay; bigyan ka ng Banal na Espiritu ng bagong lakas at sipag sa pagsunod sa Dios.



**JOURNAL:**

# GABAY SA HAPUNAN NG PANGINOON



**BASAHIN: 1 CORINTO 11 : 23 -29**

## **Bakit natin pinagdiriwang ang Lord's Supper?**

- Ang simbolikong pagtitipong ito na ay pinag-utos ng ating Panginoong Hesus bilang isang malinaw na pagpapaalaala ng mga bagay na Kanyang nagawa para sa atin. Kailangan nating madalas na ito'y ipagdiwang nang ating maalala si Hesus dahil sa pamamagitan ng Lord's Supper, "ipinahahayag ninyo ang kamatayan ng Panginoon hanggang sa dumating siya."(verse 26).
- Bago pa pianghatihati ni Hesus ang tinapay at ipinasa ang kopa, sinasabi ng Salita na si Hesus ay nagpasalamat (verse 24). Si Hesus ay nagpasalamat sa pagkakataong tayo'y Kanyang pagsilbihan sa pamamagitan ng pag-aalay Niya ng Kanyang katawan at dugo para sa ating kapakanan.



## Ano ba ang sinisimbolo ng tinapay at ng alak (sa kaso natin, ng juice)?

- Ang tinapay ay sumisimbolo sa katawan ni Hesus na siyang umako ng pasakit na dapat ay para sa atin (verse 24)
- Hindi natin tinuturo na ang tinapay ay literal na nagiging katawan ni Cristo o di kaya'y ang alako juice ay literal din na nagiging dugo Niya.
- Sa halip, ating pinapahayag na ang mga elementong ito ay naglalarawan sa ating Lord – kung sino Siya at kung ano Kanyang mga nagawa.
- Kung ganun, ang ating pakikibahagi sa mga elementong ito ay isang simbolikong pagpapahiwatig ng ating pananampalataya sa Kanya at natupad na ang Kanyang gawain sa mundo.

## Ano ba ang tamang saloobin bago tayo makibahagi sa Lord's Supper?

- Dapat ay maging mapagpasalamat at kumilala ng utang-na-loob sa tuwing tayo'y tatanaw sa nakaraan at sa kasalukuyan.



- Bigyan-tanaw ang nakaraan at magpasalamat sa Panginoong Hesus para:
  - Sa Kanyang libreng regalo na kaligtasan at sa kapatawaran ng ating mga kasalanan
  - Sa Kanyang mga katangian (katapatan, mapagpatawad, kagandahang – loob, banal, mapagmahal, walang pagbabago)
  - Sa ating pagkakakilala sa Kanya (Lord, Panginoon, Tagapagligtas)
  - Mga blessings tulad ng ating pamilya (asawa, mga anak, mga magulang, kapamilya), sa pagtugon sa ating mga pangangailangan atbp. (tulad ng pagbilang ng mga pagpapalang inyong natanggap)
  - Mga pagkakataong makapaglingkod sa Kanya at sa Kanyang mga alagad (family, kaibigan, church)



- Tumanaw sa kasalukuyan at magpasalamat sa Panginoong Hesus sa mga pagpapala na ikaw ay buhay pa ngayon, at sa kaloob Niyang mga relationships (biological at spiritual family, mga kaibigan, Dgroups)
  - Sa kung paano Niya sasagutin ang iyong mga dasal
  - Sa kung paano Niya tayo aalalayan habang mayroong pandemya (bilang individual, ang ating pamilya at bilang isang bansa)
  - Ang pangakong na darating ang panahon na Siya ay magbabalik muli.
- Bigyang panahon na tayo'y mag-reflect.

MAKIBAHAGI TAYO SA TINAPAY AT JUICE  
AT MAGTAPOS SA PRAYER



# MGA IPAPANALANGIN

## Para sa Lahat ng Bansa

1. Pandaigdigang Pagpapanibago – nawa’y matanto ng buong sangkatauhan na kailangan nila ng kaligtasan kay Hesukristo at nawa’y lahat ng mga alagad ni Kristo ay ipahayag ang Ebanghelyo sa lahat ng mga bansa.
2. Nawa’y matigil na ang pagkalat ng COVID19 at anumang pagbabagong uri nito, na ang pamahalaan ay magpatupad ng mga tamang hakbang at mga solusyon upang mabawasan ang pagdami ng impeksyon at mga nasasawi dahil sa virus na ito.
3. Nawa’y lahat ng pamahalaan sa buong mundo ay magtulung-tulong na panatilihin ang kapayapaan at kaayusan; na sa kabila ng mga pagkalugi at pagkabigo, ang mga tao ay mamuhay sa maayos at kagalang-galang na paraan.
4. Ipanalangin nating ang CCF Beyond at ang ating mga katulong sa misyon ay maprotektahan sa impeksyon at nawa’y gamitin nila ang pagkakataong dulot ng krisis upang ikalat ang Ebanghelyo at makahikayat pa ng ibayong mga alagad ni Kristo.

## Para sa Pilipinas

1. Ang Pangulo, Pangalawang Pangulo, mga Miembro ng Kabinete at ang kanilang mga Tagapayo
2. Ang mga Senador at mga Kongresista
3. Ang Punong Mahistrado at lahat ng mga Mahistrado
4. Ang Militar at ang Pulisya
5. Ang mga Opisyal ng Local na Pamahalaan hanggang sa mga Barangay
6. Nawa'y maging maayos sa serbisyo ang lahat ng opisyal pampubliko; magsilbi nang may integridad, karunungan, katapatan; at nawa'y magkaroon ng proteksyon at paggabay mula sa Diyos
7. Nawa'y ang mga tiwaling opisyal ay malantad at madala sa hustisya
8. Nawa'y ang kabutihan, hustisya, kapayapaan at kasaganaan ng ekonomiya ay manaig
9. Nawa'y lahat ng Filipino, anumang antas ng buhay ang pinanggalingan ay maligtas at magkaroon ng takot sa Panginoon
10. Para sa mga pangunahing isyu ng bansa [droga; graft at katiwalian; sapilitang pagpapatrabaho (forced labor) at panloloko, panlilinlang upang dalhin ang mga biktima sa gawaing ikapapahamak nila (human trafficking); pagkawasak ng pamilya at pagkakalayo ng mga magulang sa mga anak; pagbagsak ng moralida; idolotriya (o pagsamba o pagkahumaling sa mga makamundo o mailing bagay o tao); materyalismo; hindi makadiyos na pagpapahalaga (values); pornograpiya;

imoral na pakikipagrelasyon; ang pagdami ng mga may HIV; ang maagang pagdadalantao; kalituhan sa kasarian; adiksyon sa mga gadget; problema sa traffic; at mga panukalang batas at mga naisabatas na, na maliwanag na taliwas sa salita at kalooban ng Diyos]

## Para sa CCF

1. Nawa'y ang buhay ng lahat ng mga namumuno at mga kasapi ng CCF ay maging larawan ng pag-ibig para sa Diyos at sa ating kapwa; kadalisayan at kabanalan; pagpapakumbaba at pagtanggap sa ating pagkadurog upang buuin tayo ng Panginoon (brokenness); integridad
2. Katapatan sa pagtupad ng misyon ng Diyos para sa CCF (na bigyang puri ang Diyos at makahikayat ng mga alagad na nakatuon kay Kristo na manghihikayat rin ng mga alagad na nakatuon kay Kristo).
3. Para kay Pastor Peter Tan-Chi at sa kaniyang pamilya (kabanalan; pagkamalapit sa Panginoon; karunungan at lakas upang pangunahan at patnubayan ang adhikain ng CCF na magdisipulo nang maraming tao; maging puspos ng Espiritu sa tuwina.)
4. Para sa lahat ng mga Elder, Pastor, DGroup Leader, church planter, misyonaryo, manggagawa sa mga eskwelahan, miyembro ng staff, boluntaryo (sigasig sa paglilingkod sa Diyos; kabanalan; kalusugan at proteksyo;, paglago sa Espiritu at pagkamalapit sa Panginoon; mapasailalim ng kontrol at binibigyang kapangyarihan ng Banal na Espiritu; maging mga taong may kapuri-puring moralidad at integridad.



5. Nawa'y maging matagumpay ang kampanyang CCF Go Viral sa pag-abot sa maraming tao at ipagpatuloy ang Great Commission ni Hesus sa pag-ani ng mga disipulo. Nawa'y bawat isang miyembro ng CCF ay maging bahagi ng patuloy na pagpaparami ng mga disipulo, sa paghikayat sa kanilang mga pamilya/kapag-anak, grupo ng mga kaibigan at iba pang grupong ginagalawan, dala ang Ebanghelyo.
6. Nawa'y lahat ng mga miyembro ng CCF ay nangakatuon sa pananalangin.
7. Nawa'y maabot ng Elevate Campus Ministries ang mga kabataan sa mga high school, kolehiyo at unibersidad sa buong bansa.

## **Para sa Ating Pamilya**

1. Nawa'y maging nakatuon ang buong pamilya kay Kristo.
2. Nawa'y mahalín ng mga kalalakihan ang kani-kanilang asawa at nawa sila ay maging punong-espirituwal (spiritual leader) ng kani-kanilang pamilya.
3. Nawa'y igalang at magpasakop ang mga kababaihan sa kani-kanilang asawa.
4. Nawa'y maging huwaran ng pagiging tagasunod ni Kristo ang mga magulang sa kanilang mga anak.
5. Nawa'y maging intensyonal ang mga magulang sa paggabay at pagdidisipulo sa kanilang mga anak sa pagkilala at pagmamahal sa Diyos.
6. Nawa'y maging masunurin at magalang ang mga anak sa kanilang mga magulang.

7. Nawa'y magkaroon ng pagpapatawad at manumbalik ang mabuting relasyon sa pamilya; na ang buong pamilya ay mamuhay nang may pagkakasundo, pagmamahal at paggalang sa isa't-isa; sabay-sabay na naglilingkod sa Diyos at sa kapwa.
8. Kaligtasan para sa buong sambahayan at mga kamag-anak.

### **Para sa Personal na Tagumpay (Breakthrough)**

1. Espirituwal na pagpapanibago (spiritual revival) – makilala ang Diyos nang mas malalim, mamuhay nang makapagbibigay lugod at papuri sa Kaniya
2. Buuin ang katauhan at karakter na kahalintulad ni Kristo sa pamamagitan ng pagiging puspos ng Banal na Espiritu at ng mga bunga ng Espiritu (pagmamahal, galak, kapayapaang-loob, pagpapasensya, kabaitan, kabutihan, pagkamatapat, pagkamahinahon at pagiging matimpiin)
3. Pagpapagaling sa katawan at isang balanseng buhay (patuloy na pag-angat ng karunungan galling sa Diyos, sa kinalalagyan sa buhay, kinalulugdan ng Diyos at ng kapwa)
4. Tagumpay laban sa mga kasalanan at masasamang nakaugalian o nakasanayan

## **Para sa Pananalapi (Finances)**

1. Makawala sa mga pagkakautang
2. Mabuting pag-aalaga sa mga biyaya sa pananalapi na ang Diyos ang tunay na nagmamay-ari
3. Maging matapat at regular sa pag-aalay ng tithe, maging bukas-palad at matulungin sa mga nangangailangan
4. Paglago ng negosyo at pag-unlad ng propesyon o karera

## **Para sa Iba pa Nating Personal na Dalangin**

# IBAHAGI ANG IYONG KWENTO

Ibahagi ang iyong nasagot na mga panalangin.

Magpost online   

**#CCFAnsweredPrayer**

Mag-email samin

**testimonies@ccf.org.ph**